**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**BATANGAS CITY**

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**EXCERPT FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION HELD BY THE MEMBERS OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD OF BATANGAS CITY ON MAY 23, 2017 AT THE SANGGUNIAN SESSION HALL**

**PRESENT:**

| | |
|---|---|
| Hon. Aileen Grace A. Montalbo, | Acting Presiding Officer |
| Hon. Glenn M. Aldover, | Councilor |
| Hon. Sergie Rex M. Atienza, | " |
| Hon. Hamilton G. Blanco, | " |
| Hon. Alyssa Renee A. Cruz, | " |
| Hon. Oliver Z. Macatangay, | " |
| Hon. Armando C. Lazarte, | " |
| Hon. Karlos Emmanjuel A. Buted, | " |
| Hon. Julian B. Villena, | " |
| Hon. Gerardo A. Dela Roca, | " |
| Hon. Nestor E. Dimacuha, | " |
| Hon. Nelson J. Chavez, | " |
| Hon. Angelito "Dondon" A. Dimacuha, | ABC-Rep. |
| Hon. Emilio Francisco A. Berberabe Jr., (Vacation Leave) | Presiding Officer |

"On motion of Councilor Blanco, seconded by Councilor Lazarte, the following Resolution was Adopted:

**RESOLUTION NO. 151 S.2017**

**REFERRING TO THE COMMITTEE ON BARANGAY AFFAIRS, THE PROPOSED BARANGAY ORDINANCE NO. 3 SERIES 2017 OF BARANGAY STA. CLARA, BATANGAS CITY ENTITLED "ORDINANSA NA NAGPAPATAW NG BAYAD O SINGIL NG MGA ITINAKDANG HIMPILAN NG MGA SASAKYAN SA NASASAKUPAN NG BARANGAY STA. CLARA, LUNGSOD NG BATANGAS AT IBA PANG LAYUNIN"**

**RESOLVED**, to refer to the Committee on Barangay Affairs, for its study, comments and recommendations the proposed barangay Ordinance No. 3 Series 2017 of Barangay Sta. Clara, Batangas City entitled "Ordinansa Na Nagpapataw Ng Bayad O Singil Ng Mga Itinakdang Himpilan Ng Mga Sasakyan Sa Nasasakupan Ng Barangay Sta. Clara, Lungsod Ng Batangas At Iba Pang Layunin."

**UNANIMOUSLY APPROVED."**

**REFERRING TO THE COMMITTEE ON BARANGAY AFFAIRS, THE PROPOSED BARANGAY ORDINANCE NO. 3 SERIES 2017 OF BARANGAY STA. CLARA, BATANGAS CITY ENTITLED "ORDINANSA NA NAGPAPATAW NG BAYAD O SINGIL NG MGA ITINAKDANG HIMPILAN NG MGA SASAKYAN SA NASASAKUPAN NG BARANGAY STA. CLARA, LUNGSOD NG BATANGAS AT IBA PANG LAYUNIN"**

---

I hereby certify that the foregoing Resolution No. 151 S. 2017 was approved by the Sangguniang Panlungsod of Batangas City during its Regular Session held on May 23, 2017.

**GERARDO M. DIMAANO**
Board Secretary III
Sangguniang Panlungsod

**NOTED:**

**ATTY. OLIVA D. TELEGATOS**
Secretary
Sangguniang Panlungsod

**ATTESTED:**

**AILEEN GRACE A. MONTALBO**
Acting Presiding Officer

**ODT/GMD/pbcalleja…**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BARANGAY

## ORDINANSA BLG. 03
## Serye 2017

**ORDINANSA NA NAGPAPATAW NG BAYAD O SINGIL NG MGA ITINAKDANG HIMPILAN NG MGA SASAKYAN SA NASASAKUPAN NG BARANGAY STA. CLARA, LUNGSOD NG BATANGAS AT IBA PANG LAYUNIN.**

SAPAGKA'T, ayon sa Seksyon 152, Ikalawang Aklat, Ikaapat na Artikulo ng Batas Republika Blg. 7160 na higit na kilala sa tawag na "Ang Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991 ay nagsasabi na ang mga Barangay ay maaaring magpataw ng mga buwis, bayad, at singilin na tanging sa kanila lamang mapupunta.

SAPAGKA'T, sinasabi sa Seksyon 155, Ikalimang Artikulo ng Ikalawang Aklat ng Batas Republika Blg. 7160, ang kinauukulan ng Sangguniang Barangay ay maaaring magbigay ng mga probisyon at mga kondisyon at itinakda ang mga halaga ng pagpapataw ng mga bayad at singilin para sa paggamit ng alinman kalsadang pambayan at iba pa.

SAPAGKA'T, lubhang napakakitid at napaka-abala ng kalsada patungo sa Daungan ng Lungsod ng Batangas at sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan bilang pasukang daan at labasan (Gateway Jumped off Point) patungo sa Luzon at sa kabisayaan at sa Mindanao at sa naaayon sa daloy ng trapiko sa tinatayang Apatnapung libong (40,000) sasakyan na sumasakay at bumababa sa mga sasakyang pandagat hindi pa kasama ang limang daan (500) ibat-ibang uri ng sasakyan pampubliko at pang pribadong sasakyan na yumayaot paroon at parito sa nasasakupan ng Barangay, kailangan ang mga taong mangangalaga sa kalinisan ng kapaligiran at mapanatili ng maayos ang daloy ng trapiko tulad ng Pambarangay Tanod Trapiko, Tagapanatili ng kalinisan (Street Sweeper).

SAPAGKA'T, sa pagtataguyod ng kalusugan at seguridad, pag-unlad ng kabuhayan, pamamahala ng katahimikan at katiwasayan ng buhay ng mamamayan na naninirahan dito, ang salaping gugulin upang matugunan ang pangkalahatang kapakanan at kagalingan ng buhay at ari-arian ng mga naninirahan at ng boung sambayanan.

NGAYON DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Pedro P. Casapao, na pinangalawahan ni kagawad Danilo C. Arago at sinang-ayunan ng mga kasapi ng Sangguniang Barangay ng Barangay Sta. Clara Lungsod ng Batangas.

PINAGTIBAY AT ITINALAGA ng Sangguniang Barangay Sta. Clara, Lungsod ng Batangas ang mga sumusunod:

SEKSYON 1. TITULO- ANG ORDINANSANG ITO AY KIKILALANIN AT TATAWAGING "ORDINANSA NA NAGPAPATAW NG BAYAD O SINGILIN SA PAGGAMIT NG MGA SASAKYAN SA NASASAKUPAN NG BARANGAY STA. CLARA, LUNGSOD NG BATANGAS AT IBA PANG LAYUNIN.

ARTIKULO 2- PAGPAPAHAYAG NG PATAKARAN:

SEKSYON 1. PAGPAPAHAYAG NG PATAKARAN- Ipinapahayag dito ang Patakran ng Sangguniang Barangay tulad ng mga sumusunod:

- Maglagay at mangalaga ng maayos at epektibong pamamahala ng mga lugar – himpilan ng mga sasakyan sa loob ng ng nasasakupan ng Barangay upang matiyak ang maayos na daloy ng mga sasakyan upang mapangalagaan ang seguridad at katiwasayan ng mga naninirahan dito.

- Tiyakin ang ganap at maayos na pagpapatupad ng nasabing Ordinansa at mga kautusan upang makamit ang tunay na layuning paunlarin at mapangalagaan ang sambayanan pinaglilingkuran.

- Isulong ang pagpapahalaga at pananagutan sa paggamit ng mga lugar –himpilan ng mga sasakyan sa nasasakupan ng Barangay.

- Pamahalaan ang mga lugar na itinakdang himpilan ng naayon sa batas ng trapiko at mga patakaran

ARTIKULO 3.- MGA KAHULUGAN

SEKSYON 1. MGA KAHULUGAN –para sa layuning ipatupad ang Ordinansang ito , ang mga Kahulugang gagamitin:

1. SASAKYANG-DE-MOTOR- ay nangangahulugan ng anumang sasakyang pinaandar ng lakas maliban sa lakas ng tao na gumagamit ng sadyang daanan at mga kalsada.

2. BUS- Pampasaherong sasakyan Bus – anu mang sasakyan di gaanong kabigatan maging ito ay bukas-sarado at mayroong anim (6) na gulong.

3. SIX-WHEELER / TEN WHEELER – ay nangangahulugan ng anumang mabibigat na sasakyang panlupa na gumgamit ng sampung gulong (10) o higit pa.

4. JEEPNEY, VAN, TAXI MULTI-CAB , FX- Pampasaherong sasakyang hindi hihigit sa bigat na 4,500 kg.

5. TRICYCLE –sasakyang de motor na binubuo ng motorsiklo at kinakabitan ng *sidecar* na maaring may dalawa o isa lamang na ginagamit upang maghatid ng pasahero.

ARTIKULO 4. SAKOP NG PAGPAPA-IRAL

SEKSYON 1.- SAKOP NG PAGPAPAIRAL- Ang batas na ito ay nasasakop sa itinakdang lugar himpilan sa nasasakupan ng Barangay Sta.Clara, Lungsod ng Batangas.

SEKSYON 2. MGA TAONG DAPAT MAGBAYAD – ang lahat ng taong nagmamaneho ng sasakyan ng hihimpil sa mga itinakdang lugar-himpilan ay dapat magbayad maliban sa tauhan at opisyal ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas (AFP) kasapi ng Pambansang Pulisya (PNP) na gumaganap ng MIsyon at mga tauhan ng Koreo (Buraeu of Post) na nagdadala ng sulat.

ARTIKULO 5- POOK HIMPILAN

SEKSYON 1. MGA LUGAR NA HINDI DAPAT HIMPILAN- ang paghimpil ng anumang sasakyan sa magkabilang tabi ng Pambansang daan ng Barangay Sta.Clara, Lungsod ng Batangas ay ipinagbabawal mula sa ika-6: ng umaga( 6:00 am ) hanggang ika- ikalabing isa ng gabi (11:00 pm ).

SEKSYON 2. Ano mang Pribado o Pampublikong sasakyan ay pinapayagan na tumigil sa tabi ng kalsada upang magbaba at magsakay ng pasahero at kalakal ng hindi hihigit sa sampung minuto ( 10 minutes )

SEKSYON 3. MGA LUGAR-HIMPILANG MAY BAYAD

a.) Ang kanang bahagi ng kahabaan ng Bonifacio Drive Street at mula sa bukana ng unang pinto ng Philippine Ports Authority (PPA) at sa kahabaan ng Diversion Road.

b.) Mula sa kahabaan ng Rizal Avenue Extension , Barangay Sta. Clara , Lungsod ng Batangas.

c.) Ang sinumang Drayber na hihimpil sa mga nasabing lugar ay bibigyan ng ticket at magbabayad ng kaukulang bayarin para sa apat (4) na oras gaya ng mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| > Tricycle | Php. 5.00 |
| > Jeep | Php. 10.00 |
| > FX | Php. 15.00 |
| > Van | Php. 20.00 |
| > Bus | Php. 25.00 |
| > Six Wheeler | Php. 30.00 |
| > Ten Wheeler | Php. 30.00 |

SEKSYON 4. PAGKOLEKTA NG MGA BAYAD SA PAGGAMIT NG LUGAR HIMPILAN. Ang tesorera ay maglilimbag ng mga ticket o gagamit ng kaukulang tao sa Barangay ay maniningil ng bayad sa paggamit ng kaukulang resibo ayon sa itinadhana ng commission on Audit (COA) . Ang tesorera ng Barangay ay gagawa ng buwanang ulat ukol sa nakolektang bayad kasama ang numero ng ticket o resibo na ginamit. Ang tesorera ng Barangay ay magbibigay ng ticket o resibo na sunod-sunod ang kaayusan at susunod sa nakagawiang pamamaraan ng pagtutu-os na ipatutupad ng Commision on Audit (COA).

ARTIKULO 6. PAGPAPATUPAD NG ORDINANSA

SEKSYON 1. PAGBUBUO NG TAGAPAMAHALA NG ORDINANSA NA GAGANAP NG PAGPAPATUPAD

Bubuuin ang tanggapan ng tagapamahala ng nasabing ordinansa sa ilalim ng punong Barangay, Tagapangulo ng pagawaing pambarangay, Tagapangulo ng komitiba ng kapayapaan at katahimikan(Committee On Peace and Order).Ang tanggapan ng tagapamahala ay tutukoy sa lahat ng pagpapatupad at pamamahala ng ordinansa.

SEKSYON 2.PAGGAGAMITAN NG MGA NALIKOM NA HALAGA – Ang anumang nalikom na halaga buhat sa nasabing ordinansa ay gagamitin ng Sangguniang Barangay sa mga gawaing pambarangay, suweldo ng mga Barangay Tanod at mga pambarangay na tagapanatili ng kalinisan at iba pang gawain na naaayon sa batas.

SEKSYON 3. Kung sakali sa anumang kadahilanan, ang ilang bahagi ng nasabing ordinansa ay masasabing hindi naaayon o labag sa batas , ang iba pang bahagi nito na hindi labag sa batas ay magpapatuloy at buong lakas na ipatutupad.

SEKSYON 4. Ang ordinansang ito ay magkakabisa simula ika- __ ng Mayo 2017 matapos itong ilathala.

Pinagtibay ngayong ika- ___ ng Mayo 2017 sa Bulwagan Pangkapulungan ng Gusali ng Bulwagang Pambarangay ng Barangay Sta.Clara, Lungsod ng Batangas

Pinatutunayan ko ang kawastuhan ng isinasaad ng Ordinansang Utos na ito.

LARRY M. NOCHE
(Kalihim ng Barangay)

NAGPANUKALA / MAY-AKDA

PEDRO P. CASAPAO
(Barangay Kagawad)

PINATUNAYAN NI :

DERICK B.ARAGO
(Punong Barangay)

SINANG-AYUNAN NINA:

| | |
|---|---|
| Kgg. ARLENE B. LACASAMANA | ____________ KAGAWAD |
| Kgg. ALFREDO M. MARANAN | ____________ KAGAWAD |
| Kgg. DANILO C. ARAGO | ____________ KAGAWAD |
| Kgg. ARISTEO A. MACARAIG | ____________ KAGAWAD |
| Kgg. VIRGILIO J. CUNAG | ____________ KAGAWAD |
| Kgg. RADITO Q. GARING | ____________ KAGAWAD |